

Sa kaagahan ng 2020 ang konstruksyon ng light rail ay hihiling sa mga rider ng Link na habaan ang pasensya, payagan ang mas mahabang oras

Sa loob ng 10 linggo simula sa Enero 2020, isa-isang isasara ng mga manggagawa ng konstruksyon ang isang track ng Link sa downtown Seattle upang ikonekta ang umiiral na serbisyo loob ng 14 na milya sa bagong serbisyo sa East King County. Sa panahong ito, kilala bilang Connect 2020, ang mga tren ay tatakbo ng may binawasang bilang kada 13-15 minuto, at ang mga mananakay na magpapatuloy hanggang downtown Seattle ay kailangang lumipat ng tren sa may Istasyon ng Pioneer Square.

Sa halip na ganap na ihinto ang serbisyo sa panahon ng konstruksyon ng bagong track, Pinanatiling tumatakbo ng Sound Transit ang mga biyahe ng tren, bagaman kailangang magplano ng mga mananakay para sa masikip at mas mahabang oras ng biyahe. Kapag natapos na ang Connect 2020 ang umiiral na tunnel ay handa na muling magsilbi sa mga mananakay na bumibiyahe mula at papunta sa istasyon ng 10 new East King County simula sa 2023.

Magplano at magbigay ng mas mahabang oras.

- Tatakbo ang mga trend kada 13-15 minuto buong araw, kumpara sa normal na serbisyo na kada 6 na minuto sa peak hours. Lahat ng tren ay tatakbo na may maksimum na apat na bagon.
- Ang binawasang serbisyo ay nangangahulugan ng mas mataong platform at tren, at kailangan mong maghintay sa linya.
- Kung ikaw ay bumibiyahe mula downtown Seattle, ang mga pagsasara ng track ay nangangahulugan na kailangan mong lumipat ng panibagong tren sa may Istasyon ng Pioneer Square upang magpatuloy sa iyong destinasyon.
- Kung ikaw ay magdadala ng bike onboard, kailangan mong bumaba ng tren bago dumating sa may Istasyon ng Pioneer Square. Na may hanggang 1,600 na mga mananakay na kailangang ibyahe sa buong same center platform sa may Pioneer Square, ipinagbabawal ang mga bike sa Istasyon ng Pioneer Square upang protektahan ang kaligtasan ng lahat ng mananakay.
- Ang mga mananakay na papuntang hilaga na may dalang mga bike ay dapat na bumaba sa may Istasyon ng International District/Chinatown at ang mga mananakay na papuntang timog na may dalang bike ay sa may Istasyon ng University Street.
- Hinihikayat ang mga rider system-wide na alamin ang kanilang mga opsyon imbes na dalhin ang kanilang mga bike at malalaking mga maleta sa tren tuwing peak hour.

Magiiba ang iyong biyahe sa Link sa panahong iyon.

- Ang mga pagsasara ng track ay nangangahulugan na ang mga platform na sinasakyan mo sa downtown Seattle ay magbabago sa panahon ng 10-linggo. Magbabago rin ang mga pasukan ng istasyon depende sa kung anong bahagi ng track ang nakasara.
- Magkakaroon ng tatlong linggo ng mga pagsasara – ng karamihan ng mga istasyon hanggang sa downtown Seattle. Magbibigay ng libreng sakay sa bus ang Sound Transit para sa lahat ng istasyon sa pagitan ng SODO at Capitol Hill.

- Hanapin lamang ang bagong mga sign sa mga istasyon na magtuturo kung saan pupunta.
- Ang kawani ng Sound Transit ay makikita sa mga istasyong maapektuhan upang tulungan kayo lalo na sa peak hour.

Manatiling may alam. Narito kung paano:

- Bisitahin ang soundtransit.org/connect2020 upang malaman ng higit pa ang proyekto at mag-sign up para sa mga update sa proyekto.
- Mag-subscribe sa mga alerto sa mananakay ng Link sa soundtransit.org/mag-subscribe o i-follow kami sa Twitter para sa pinakabagong update na impormasyon ng serbisyo.
- Kontakin kami sa connect2020@soundtransit.org o tawagan kami sa 1-800-201-4900 / TTY Relay: 711

Pinahahalagahan namin ang inyong pasensya at pagsasaalang-alang sa mga kapwa mananakay sa panahon na ito.